

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

## Naging pinakamabilis ang pagtaas ng output mula noong Nobyembre 2018

Pebrero 2026

Malalakas at mabilis na paglago sa output at mga bagong order

Patuloy na dinagdagan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pagbili

Kapansin-pansing tumaas ang kumpiyansa sa negosyo

Nakapagtala ang sektor na gumagawa ng mga produkto sa Pilipinas ng maigting na pagbuti ng mga kundisyon ng pagpapatakbo noong Pebrero.

Nakapagtala ang mga nagmamanupaktura ng mas mabilis na pagtaas sa dami ng produksyon at mga bagong order sa kalagitnaan ng unang quarter ng 2026. Sinabayan ang mabilis na paglago sa dalawang panuntunang ito ng pagtaas ng kumpiyansa sa negosyo, na kapansin-pansing nakabawi mula sa kamakailang pagbaba na naitala sa nakaraang buwan.

Para masuportahan ang pagdami ng mga kinakailangan sa produksyon, dinagdagan pa ng mga nagmamanupaktura sa buong Pilipinas ang kanilang aktibidad sa pagbili at mas mabilis ito. Samantala, nanatili pa ring katamtaman ang pagdami ng trabaho, na nangangahulugang dumami ang mga backlog ng trabaho pagkatapos ng pagbaba sa nakaraang buwan, dahil nagdulot ng pressure sa kapasidad ang patuloy na pagtaas ng mga bagong order.

Ang Philippines Manufacturing Purchasing Managers' Index™ (PMI®) ay tumaas sa 54.6 noong Pebrero, mula sa 52.9 noong Enero. Nagpahiwatig ang pinakabagong data ng maigting na pagbuti ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, at isa ito sa pinakakapansin-pansin mula noong Nobyembre 2017. Bumubuti na ngayon ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa loob ng tatlong magkakasunod na buwan.

Ang pagbilis ng pagtaas ng headline index ay dulot ng mas malawak na paglago sa output noong Pebrero. Napansin ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas na dinagdagan nila ang kanilang mga antas ng produksyon dahil sa tuloy-tuloy na pagdami ng mga bagong order. Tumaas ang output sa ikalawang magkasunod na buwan, at sa katunayan, pinakamabilis ang pinakabagong pagtaas mula noong Nobyembre 2018.

Katulad ng produksyon, matindi ang pinakabagong pagtaas sa dami ng order book sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas, na nagtatala ng pinakamabilis na pagtaas sa buwang iyon. Umabot ang kaukulang pana-panahong nagbabagong index sa pinakamataas na antas sa loob lang ng mahigit walong taon. Sinasabing ang pagkakaroon ng mga bagong kliyente at maramihang aktibidad sa pagbili sa mga customer ang nakapagpataas ng mga bagong benta.

Nagpahiwatig ang pinakabagong data na dumami ang mga bagong order sa pabrika dahil sa mga pagbuti sa lokal at pandaigdigang demand, dahil nanatiling katamtaman ang pagtaas ng mga bagong order sa export. Tumaas ang mga benta sa ibang bansa sa ikalawang magkasunod na buwan, bagama't nanatiling walang pagbabago ang bilis ng paglago noong Pebrero.

Nangangahulugan ang pagtaas ng produksyon na mas mabilis na tumaas ang pagbili ng input noong Pebrero. Mas mabilis ang paglago at

Philippines Manufacturing PMI

Index, sa, >50 = pagbabago mula sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.

Ang data ay nakolekta noong 10-20 Pebrero 2026.

### Komento

Sinabi ni Maryam Baluch, Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Nagkaroon ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ng mahusay na simula sa 2026, kung saan nakapagtala sa Pebrero ng pinakamagandang performance nito mula noong huling bahagi ng 2017. Pinalakas ng matinding pagdami ng mga bagong order ang malakas na paglago ng output, at sa parehong mga sitwasyon, kapansin-pansin ang mga paglago sa buong kasaysayan at umabot ito sa pinakamataas sa loob ng ilang taon.

"Dahil dito, ipinagpatuloy ng mga negosyo na palawakin ang kanilang aktibidad sa pagbili, na mas mabilis na tumaas. Gayunpaman, nanatiling matatag ang pagdami ng trabaho at sa pangkalahatan, naging katamtaman ito. Sa pagtaas ng mga backlog, mayroon pang saklaw ang mga nagmamanupaktura na dagdagan ang bilang ng kanilang mga tauhan sa mga paparating na buwan.

"Sinabayan ang positibong performance ng sektor ng pagtaas ng kumpiyansa sa negosyo. Umaasa ang mga kumpanya na patuloy na bubuti ang mga kundisyon ng demand at magdulot ang mga ito ng mga karagdagang paglago sa dami ng produksyon."

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

pinakamabilis ito mula noong Enero 2025.


Dahil dito, dinagdagan ng mga kumpanya ang kanilang mga inisyatiba sa pagpapalaki ng stock. Mas mabilis ang mga rate kung saan naipon ang mga imbentaryo ng mga pagbili at natapos na produkto kumpara sa nakita sa nakaraang buwan. Madalas na napapansin ng mga kumpanya na nahikayat ang mga kumpanya na dagdagan ang kanilang mga antas ng stock dahil sa mga inaasahang mas malaking demand sa mga paparating na buwan.

Tuloy-tuloy ang pagdami ng trabaho sa buong sektor ng pagmamamupaktura sa Pilipinas noong Pebrero, kung saan tumaas ang mga bilang ng mga tauhan sa ikalawang magkasunod na buwan. Sa pangkalahatan, naging katamtaman lang ang bilis ng paggawa ng trabaho at samakatuwid, hindi ito sapat para maiwasan ang isang bagong pagdami ng mga backlog ng trabaho. Naging pinakamabilis ang pag-ipon sa loob ng tatlong buwan.

Nangangahulugan ang pagdami ng aktibidad sa pagbili, kasama ang hindi magandang lagay ng panahon at mga isyu sa pagsisikap ng mga port na naging mas problemado ang mga supply chain noong Pebrero. Humaba ang karaniwang oras ng paghahatid para sa mga input sa ikatlong magkakasunod na buwan. Sa pangkalahatan, matindi ang insidente ng pagkaantala at pinakakapansin-pansin ito sa loob ng 14 na buwan.

Pagdating sa mga presyo, nag-ulat ang mga nagmamamupaktura sa Pilipinas ng pagbaba ng mga gastusin sa pagpapatakbo, na nagbigay-daan sa kanila na bawasan ang kanilang sariling mga singil. Sa parehong sitwasyon, sa pangkalahatan, bahagya ang mga rate ng pagbaba.

Panghuli, bumuti noong Pebrero ang sentimiyento sa 12 buwang pananaw para sa output. Kapansin-pansing tumaas ang kumpiyansa mula sa kamakailang pagbaba na naobserbahan sa pagtatapos ng taon. Malawakang iniugnay ito ng mga panellist na umaasang lalago ang dami ng produksyon sa pag-asa ng mga karagdagang pagbuti sa mga basehang trend ng demand.



Mga Pinagmulan: S&P Global PMI, Philippines Federal Reserve via S&P Global Market Intelligence. ©2026 S&P Global.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch  
Ekonomista  
S&P Global Market Intelligence  
T: +44-13-4432-7213  
[maryam.baluch@spglobal.com](mailto:maryam.baluch@spglobal.com)

Eri Amano  
APAC Senior Communications  
Manager  
S&P Global Market Intelligence  
Tokyo  
+81 (0) 80 3714 7658  
[eri.amano@spglobal.com](mailto:eri.amano@spglobal.com)  
[press.mi@spglobal.com](mailto:press.mi@spglobal.com)

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring magemail sa [press.mi@spglobal.com](mailto:press.mi@spglobal.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

## Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@spglobal.com](mailto:economics@spglobal.com).

## Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamam-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anumang ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.

## S&P Global

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulon sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon. [www.spglobal.com](http://www.spglobal.com).

## PMI mula sa S&P Global

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumapak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya.

[www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi](http://www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi)